# Mega na lindol sa Japan Trench・baybayin ng Chishima Trench

—Paghahanda bago ang panahong iyon—

## Ang pag-alam nito ay magliligtas sa iyong buhay at sa mga mahal mo sa buhay

Sa Japan Trench・Baybayin ng Chishima Trench,iba pang lindol sa hanghanan ng plate,naganap ang ibat-ibang uri ng lindol at paulit-ulit na nagdudulot ng matinding pinsala.
Maghandang mabuti para sa lindol na posibleng magaganap ng biglaan at maghanda rin sa inaasahang lindol pagkatapos ipatalastas ang「Impormasyon para mag-ingat sa susunod pang malakas na lindol sa Hokkaido / Sanrikuoki (laot ng Sanriku)」




## Pagtugon sa pag-iwas sa kalamidad kapag ipatalastas ang「Impormasyon para mag-ingat sa susunod pang malakas na lindol sa Hokkaido / Sanrikuoki (laot ng Sanriku)」

### Kapag kailanagan na lumikas agad sa panahon ng lindol

**Maging handa na lumikas agad mula sa Tsunami kapag nararamdaman ang pag-uga o ipinatalastas ang pagbibigay ng Alerto tungkol sa Tsunami atbp**

#### Matulog ng nasa kalagayang nakahandang lumikas agad

□Matulog ng nakadamit na madaling makalikas
□Matulog kasama ng mga tao na nangangailangan ng tulong tulad ng mga anak o matatanda atbp
□paggamit ng silid na pinakaligtas at pinakamadaling lumikas




#### Laging nakahanda ang mga gamit na pang-emergency

□Laging dadalhin ang mga inihandang gamit na pang-emergency kapag araw,tuwing matutulog ilagay ito katabi mo
□Laging dadalhin ang ID at mahalagang bagay
□Panatilihin ang mga gamit para sa malamig na panahon at iba pang kagamitan upang makapaghanda para sa niyebe at lamig



### Kapag mayroong isang lugar na mataas ang panganib sa lindol

**Paghahanda para matiyak ang kaligtasan mula sa inaasahang panganib**

#### Paghahanda sa mga babagsak dahil sa pag-uga

□Huwag lumapit sa mga block wall atbp ng nasirang gusali o madaling gumuho dahil sa naunang paglindol hanggat maaari



#### Pag-iingat sa pagguho ng lupa atbp

□Huwag lumipat sa mga lugar kung saan mataas ang panganib ng pagguho ng lupa dahil sa naunang paglindol hanggat maaari
□Iwasang matulog sa silid na malapit sa bangin kung ang bahay ay nasa panganib ng posibleng pagguho ng lupa
□Kapag papasok sa mga lugar kung saan mahirap lumikas mula sa Tsunami pagkatapos ng lindol,pag-isipan ang panganib sa lugar na ito at laging nakahandang lumikas anumang oras




### Paghahanda na dapat gawin ng lahat, mag-iingat sa mga kasunod na lindol

#### Pag-secure ng pagkuha ng sistema para sa impormasyon ng emergency

□Lakasan ang tunog ng mobile phone o iba pang device na maaaring makakuha ng impormasyon ng emergency
□Maglagay ng mga Radyo receiver ng Disaster prevention administrative radio atbp sa mga lugar kung saan naroon ang mga tao sa araw-araw




#### Muling kumpirmahin ang paghanda araw-araw

□Muling kumpirmahin ang pag-iimbak ng tubig at pagkain
□Muling kumpirmahin kung saan ang lugar na paglilikasan at ruta atbp
□Muling kumpirmahin kung paano kontakin ang mga pamilya
□Muling kumpirmahin ang pag-aayos ng muwebles
□Muling kumpirmahin ang pagsasanay ng bawat local na pamahalaan sa lugar ng paglikas atbp




**Mga lugar kung saan dapat tumugon sa mga hakbang sa pag-iwas sa kalamidad kapag ipatalastas ang 「Impormasyon para mag-ingat sa susunod pang malakas na lindol sa Hokkaido / Sanrikuoki (laot ng Sanriku)」**
Sinasaklaw nito ang malawak na lugar mula Hokkaido hanggang Chiba prefecture.

**Pangunahing pinag-isipang lugar kung saan dapat tumugon para sa pag-iwas sa kalamidad**

- Ang lugar na seismic intensity ay 6- o higit pa
- Ang lugar na ang taas ng Tsunami ay 3m o higit pa
- Ang lugar kung saan dapat tumugon para makaiwas sa kalamidad at pagkakaisa ng mga hakbang sa pag-iwas sa kalamidad ng lindol




## Kontak na lugar


内閣府 Cabinet Office
Cabinet Policy Director (In charge of Disaster Management) official assistant staff
Councilor (In charge of investigation・planning)

〒100-8914 1-6-1 Nagatacho,Chiyoda-ku,Tokyo Central Government Building No,8
TEL: 03-5253-2111 (Main telephone number) FAX: 03-3501-6820
https://www.bousai.go.jp/jishin/nihonkaiko_chishima/hokkaido/index.html

気象庁 Japan Meteorological Agency
Seismological and Volcanological Departamento

〒105-8431 3-6-9 Toranomon,Minato-ku,Tokyo
TEL:03-6758-3900(Kinakatawan) FAX: 03-3434-9086
https://www.data.jma.go.jp/eqev/data/nceq/index.html



Petsa ng pagkakaloob Pebrero 2025

# Tinatayang Tsunami at seismic intensity

Dahil sa Mega na lindol ng Japan Trench・baybayin ng Chishima Trench, maaaring magaganap ang napakapanganib na matinding sakuna mula sa Hokkaido hanggang Chiba prefecture sa napakalawak na lugar. Lalo na sa mga lugar sa baybayin, maaaring napakatindi ng pinsala dahil sa Tsunami. Dapat maghanda para sa Mega na lindol ng Japan Trench・baybayin ng Chishima Trench sa lugar na posibleng inaasahan ang malaking pinsala.

### Ang lindol sa baybayin ng Japan Trench




### Ang lindol sa baybayin ng Chishima Trench




### Tinatayang kalamidad at mga hakbang sa pag-iwas sa kalamidad

- ●Kapag magaganap ang Mega na lindol ng M9 na antas,tinatayang ang pinakamalubuhang kaso ng inaasahang mamamatay ay halos 199,000 katao.
- ●Pagkatapos lumikas mula sa Tsunami, tataas ang panganib ng kamatayan mula sa hypothermia dahil sa matagal na pagkakalantad sa malamig na mga kalagayan
- ●Maaaring mabawasan ang kalamidad ng 80% dahil sa maagang paghahanda tulad ng pagpapabuti ng kaisipan sa paglikas at paghahanda ng mga kagamitan para sa malamig na panahon atbp

※Magaganap ang lindol na M9.1 sa karagatan ng Sanriku・Hidaka sa baybayin ng Japan Trench sa hatinggabi ng taglamig. Ang kalagayan ng kaunting pagkadama na lumikas ng mga residente

# Maghanda para sa lindol sa araw-araw

□Pag-aayos ng mga muwebles



□Paghahanda ng emergency go bag



□Pag-iimbak ng tubig at pagkain




□Pagkumpirma kung saan ang lugar ng paglilikasan at ruta・pangalawang ruta



□Gumawa ng panukala para sapag-iwas sa sunog




□Panlaban sa lindol ng gusali




(snowman icon): Lalo na sa paghahanda sa mga lugar na may niyebe at malamig

**Maghandang mabuti para maprotektahan ang ating buhay at ang ating mahal sa buhay sa pang araw-araw, sakaling maaaring magaganap ang lindol ng biglaan.**

# Maging handa sa Mega na lindol na posibleng magaganap sa susunod ～Impormasyon para mag-ingat sa susunod pang malakas na lindol sa Hokkaido / Sanrikuoki (laot ng Sanriku)～

Sa lugar ng Japan Trench・baybayin ng Chishima Trench, may pagkakataon na pagkatapos maganap ang lindol na M7 na antas, nagaganap din ang malaking lindol (kasunod na lindol). Bagaman mababa ang posibilidad na magkaroon ng kasunod na lindol, upang maligtas ang maraming buhay hanggat maaari, kapag magaganap ang lindol na M7.0 o higit pa sa ipinapalagay na lugar ng pinagmulan ng lindol at sa paligid, ipapatalastas ang「Impormasyon para mag-ingat sa susunod pang malakas na lindol sa Hokkaido / Sanrikuoki (laot ng Sanriku)」dahil maaaring magiging mas mataas ang posibilidad ng malakas na lindol kumpara sa karaniwan.

**Kapag ipapatalastas ang impormasyon, magpapatuloy ang mga aktibidad sa lipunan at ekonomiya sa loob ng mahigit sa isang linggo pagkatapos na mangyari ang lindol, at bilang karagdagan sa muling pagkumpirma ng pang -araw -araw na paghahanda para sa lindol, kapag maramdaman ang pag-uga o patalastas ng babala tungkol sa Tsunami atbp.**




**Ipinapalagay na lugar ng pinagmulan ng Mega na lindol sa Japan Trench･baybayin ng Chishima Trench**

**Kapag magaganap ang Mega na lindol na M7.0 o higit pa sa ipinapalagay na lugar ng pinagmulan ng lindol at sa paligid nito**(pagbabago depende sa laki ng M)・・・

**May posibilidad na may kasunod ang Mega na lindol! Paghahanda sa impormasyon**

Ipapatalastas ang「Impormasyon para mag-ingat sa susunod pang malakas na lindol sa Hokkaido / Sanrikuoki (laot ng Sanriku)」



Paghahanda para sa Mega na lindol sa loob ng halos isang linggo, magpapatuloy ang karaniwang pamumuhay



※M: nagpapahiwatig ito ng magnitude kung gaano kalaki ang lindol

### Ang mga punto na dapat tandaan sa Impormasyon para mag-ingat sa susunod pang malakas na lindol sa Hokkaido / Sanrikuoki (laot ng Sanriku)

! Ang posibilidad na magaganap ang kasunod na lindol ay halos 1 beses sa 100 batay sa kaso ng pandaigdig, kaya walang garantiya na tiyak na magaganap ang kasunod na Mega na lindol.

! Ipinapalagay na magaganap ang Mega na lindol nang biglaan habang walang patalastas na impormasyon, kaya mahalaga ang paghahanda para sa lindol sa pang-araw-araw.

! Hindi mananawagan ang gobyerno at local na pamamahalaan ng maagang paglikas, ngunit manatiling mag-iingat sa magaganap na malaking lindol kumpara sa karaniwan pagkatapos mangyari ang lindol ng halos isang linggo at maging handa na lumikas agad kapag naramdaman ang pag-uga o ipinatalastas ang pagbibigay ng tungkol sa Tsunami atbp.

! Sa loob ng isang linggo ay isaalang-alang ang limitadong pagtugon ng mga tao atbp, dahil hindi naman nawawala ang posibilidad na magaganap ang kasunod na mga lindol pagkatapos ng isang linggo. Patuloy na mag-iingat sa magaganap na lindol.